

MGA MADALAS ITANONG SA

# ORGANIKONG AGRIKULTURA



DEPARTMENT OF AGRICULTURE
ORGANIC AGRICULTURE PROGRAM
Regional Field Office XI

# PRODUCTION TEAM

**TECHNICAL EDITORS**
Percy Basil Prosianos
Janice May Seraspe

**VOLUME EDITORS**
Elizabeth C. Torio
Reicza Gene C. Olojan



**LAYOUT DESIGN**
Reicza Gene C. Olojan

**PHOTOS**
Reicza Gene C. Olojan
Getty Images



The information in this booklet can be quoted or copied given that the authors are given credit. Distributing this booklet for commercial use is strictly prohibited.

FIRST EDITION Copyright © 2018
BUREAU OF AGRICULTURE AND FISHERIES STANDARDS
WRITTEN BY:
JEFFREY S. GARIDDO
VICENTE D. LIMSAN JR.
CHESKA R. ESPINO

DESIGNED BY:
VICENTE D. LIMSAN JR.
CHESKA R. ESPINO

EDITED BY:
KOMISYON GN WIKANG PILIPINO
NATIONAL SOCIETY OF FILIPINO TRANSLATORS (NSFT)

SECOND EDITION Copyright © 2021
DEPARTMENT OF AGRICULTURE RFO XI

ALL RIGHTS RESERVED.

# TABLE OF CONTENTS
## PAGHAHALAMAN


**2**
ANO ANG 'ORGANIC FARMING' O ORGANIKONG PAGSASAKA?
ANO ANG KAIBAHAN NG 'ORGANIC FARMING' O ORGANIKONG PAGSASAKA SA CONVENTIONAL FARMING O KUMBENSIYONAL NA PAGSASAKA?

**3**
PAANO MAGIGING ORGANIKO ANG ISANG SAKAHAN?

**4**
MAY ITINAKDANG PANAHON BA PARA MAGING ORGANIKO ANG ISANG SAKAHAN?

**5**
MAAARI BANG MABAWASAN ANG TAGAL O HABA NG KUMBERSIYON PARA SA SAKAHANG NAGNANAIS MAGING ORGANIKO?
MAAARI BANG PAGSABAYIN ANG ORGANIKO AT KUMBENSIYONAL NA PAGSASAKA SA ISANG SAKAHAN?

**6**
KAILANGAN BANG ORGANIKO ANG BUONG SAKAHAN?
KAILANGAN BANG ORGANIKO ANG MGA BINHI AT MGA GAMIT PANANIM?

**7**
PINAHIHINTULUTAN BA ANG PAGGAMIT NG MGA BINHING NAUURI NA GMO?
PINAHIHINTULUTAN BA ANG PAGGAMIT NG KOMERSIYAL NA PATABA?

**8**
PINAPAYAGAN BA ANG KEMIKAL NA PESTISIDYO BILANG PAMUKSA NG PESTE?
PINAHIHINTULUTAN BA ANG PAGGAMIT NG MGA KASANGKAPANG PANSAKA NA HINDI EKSLUSIBONG PANG-ORGANIKO?

**9**
ANO ANG MAAARING GAWIN KUNG MAY KALAPIT NA KUMBENSIYONAL NA SAKAHAN O PABRIKA SA SAKAHAN?
PINAPAYAGAN BA ANG KAINGIN BILANG PARAAN NG PAGLILINIS NG LUPA?

**10**
MAAARI BANG IIMBAK AT DALHIN PATUNGONG PAMILIHAN NA MAGKASAMA ANG MGA ORGANIKO AT HINDI ORGANIKONG PRODUKTO?
ORGANIKO BA ANG MGA PRODUKTONG MAY ETIKETA NA *NATURAL, FREE-RANGE,* AT *NON-GMO*?

# TABLE OF CONTENTS
## PAGHAHAYUPAN


12
ANO ANG DAPAT ISAALANG-ALANG SA ORGANIKONG PAGHAHAYUPAN?
IPINAGBABAWAL BA ANG PAGBABAKOD SA MGA HAYOP GAMIT ANG KAHOY, ATIPAN,, AT ALAMBRE?

13
MAAARI BANG GUMAMIT NG RECYCLED COMPOST BILANG HIGAAN SA ORGANIKONG PAGHAHAYUPAN?
PINAPAYAGAN BA ANG PAGGAMIT NG HAWLANG DE BATERYA O 'BATTERY-TYPE' CAGE AT PANG-ISAHANG KULUNGAN SA PAG-AALAGA NG ORGANIKONG HAYOP?
ANO ANG MGA IPINAGBABAWAL NA PAMAMARAAN NG PAGPAPARAMI SA ORGANIKONG PAGHAHAYUPAN?

14
PINAHIHINTULUTAN BA SA ORGANIKONG PAGHAHAYUPAN ANG PAGPUTOL NG TUKA, NGIPIN, SUNGAY, AT IBA PANG MGA KATULAD NA KAUGALIAN?
PINAHIHINTULUTAN BA ANG PAGTATALI SA MGA HAYOP?

15
ANO ANG 'BIOSECURITY' AT BAKIT ITO KAILANGAN SA ORGANIKONG PAGHAHAYUPAN?

16
ANO ANG MGA PINAHIHINTULUTANG SANGKAP SA PAGGAWA NG ORGANIKONG PAKAIN?

17
ANO ANG MGA IPINAGBABAWAL NA SANGKAP SA PAGGAWA NG ORGANIKONG PAKAIN?
PINAHIHINTULUTAN BA ANG ORGANIKONG PAGHAHAYUPAN ANG PAGGAMIT NG ORGANIKONG PAKAIN NA GAWA SA IBANG BANSA?

18
PAANO MAKIKILALA ANG MGA ORGANIKONG PRODUKTO NA NASA MERKADO AT PAMILIHAN?



# CROP
## PRODUCTION
## (PAGHAHALAMAN)



## Ano ang 'Organic Farming' o Organikong Pagsasaka?



Ang organikong pagsasaka ay isang pamamaraan o sistema ng pagsasaka na ibinatay sa Philippine National Standard for Organic Agriculture (PNS-OA).

Sa sistemang ito, higit na pinahahalagahan ang pangangalaga sa kalikasan, ang angkop na pangangalaga sa hayop ayon sa kanilang likas na pangangailangan, at sa kalusugan ng magsasaka, gayundin ang mga mamimili sa pagbabawal sa paggamit ng nakalalasong kemikal tulad ng sintentikong pestisidyo at abono o pataba.

**PNS/BAFS 07:2016, 3.32 p.4**

## Ano ang kaibahan ng 'Organic Farming' o Organikong Pagsasaka sa Conventional Farming o kumbensiyonal na pagsasaka?



Ang hindi paggamit ng anumang sintetikong pataba at pestisidyo ay ang malaking kaibahan ng Organikong Pagsasaka at ng kumbensiyonal na pamamaraan ng pagsasaka. Nakasalalay ang organikong pagsasaka sa pagsasagawa ng mga katutubo at natural na paraan kagaya ng crop rotation o halinhinang pagtatanim ng mga pananim, paggawa ng sariling pataba at pamatay peste na mula sa hayop, o halaman at marami pang iba.

**PNS/BAFS 07:2016, 4.1.1 p.5-7**

**Paano magiging organiko ang isang sakahan?**

Maituturing na organiko ang isang sakahan kung ito ay:

- hindi gumagamit ng mga sintetikong pataba at pestisidyo;
- hindi ginagamitan ng mga pananim na Genetically Modified Organisms (GMOs) o mula sa GMO;
- walang ginagamit na sangkap o materyales sa pagsasaka na hindi pinahihintulutan ng PNS-OA;
- may mga sapat na talaan ng mga biniling organikong pataba at pestisidyo, pinagbentahan, mga operasyon sa sakahan, at iba pang dapat itala;
- nagsasagawa ng mga gawaing titiyak sa pagpapanatili ng pagiging organiko ng produkto sa lahat ng oras hanggang sa ito ay mabili ng mamimili; at
- nasusunod ang mga kondisyong nakasaad sa PNS-OA.

Sa madaling salita, ang pagsunod sa mga kondisyong nakalahad sa PNS-OA ay natatanging batayan upang matawag na organiko ang isang sakahan o produkto na nagmula dito. Subalit, ayon sa ating batas, ang isang sakahan at ang mga produktong nagmula dito ay siya lamang matatawag at maaaring ibenta na organiko kung ito ay sertipikado ng Organic Certifying Bodies (OCB) na akreditado ng BAFS.

**PNS/BAFS 07:2016, 4.1.1 p.5-7**



## May itinakdang panahon ba para maging organiko ang isang sakahan?

Sa mga pananim na inaanihan lamang sa loob ng isang taon o mas mababa sa isang taon (annual crops), kailangang sumailalim sa labindalawang (12) buwan na kumbersiyon.



Sa mga pananim na inaanihan lamang sa loob ng isang taon o mas mababa sa isang taon (annual crops), kailangang sumailalim sa labindalawang (12) buwan na kumbersiyon.

Sa mga pananim na inaanihan ng mahigit sa isang taon tulad ng mga punong bumubunga (perennial crops), kailangang sumailalim ng labingwalong (18) buwan ng kumbersiyon.

Sa panahon ng kumbersiyon, kailangang sumunod sa mga nakatakdang alituntunin at kondisyon na nakasaad sa PNS-OA. Para naman sa sakahang labis na ginamitan ng sintetikong pataba at kemikal na pestisidyo, ito ay nangangailangang sumailalim sa panahon ng kumbersiyon na hindi bababa sa tatlong (3) taon.

**PNS/BAFS 07:2016, 4.1.1.5-4.1.1.7, p.6**



**Maaari bang mabawasan ang tagal o haba ng kumbersiyon para sa sakahang nagnanais maging organiko?**




Ang panahon ng kumbersiyon ay mababawasan sa kondisyon na ang lupa ay hindi nilinang sa nakalipas na tatlong (3) taon kasama ang lupang pastulan.

Gayundin, kung ang lugar ay produkto ng tradisyonal na pamamaraan ng pagsasaka o kaya ay nagsasagawa na ng organikong pagsasaka sa nakalipas na labingwalong (18) buwan.

**PNS/BAFS 07:2016, 4.1.1.6, p.6**

**Maaari bang pagsabayin ang organiko at kumbensiyonal na pagsasaka sa isang sakahan?**

Ang parallel production o pagkakaroon ng organiko at hindi organikong pananim (magkapareho ng uri ng pananim) sa sakahan ay pahihintulutan lamang sa kondisyong naisasagawa ang masinop at wastong paghihiwalay at identipikasyon ng mga ito sa pinamamahalaang lugar - gayundin ang pagkakaroon ng organisadong talaan na makikita ang pagkakaiba at natitiyak na ang organikong sakahan ay nakikilala at maaaring sumailalim sa inspeksyon para sa sertipikasyon.



**PNS/BAFS 07:2016, 4.1.1.4, p.6**

## Kailangan bang organiko ang buong sakahan?

Kung hindi makakayang gawing organiko ang buong lupain, pinapayagan ang pagkakaroon ng split production o paglalaan ng isang bahagi ng lupain na may nakatanim na ibang uri ng pananim na organiko ang pamamaraan ng pagsasaka, subalit kinakailangang magkaroon ng malinaw na hangganan sa pagitan ng organiko, hindi organiko, o sakahang nakasailalim sa kumbersiyon - gayundin ang pagtitiyak na makikita sa bawat talaan ang pagkakaiba sa bawat uri ng produksyon.

**PNS/BAFS 07:2016, 4.1.1.9, p.7**



## Kailangan bang organiko ang mga binhi at mga gamit pananim?



Ang binhi at gamit pananim, hangga't maaari, ay dekalidad at sertipikadong organiko. Sakaling ito ay hindi makakamit, ang paggamit ng hindi organikong binhi at gamit pananim ay pinahihintulutan subalit hindi dapat ginamitan ng nakalalasong pestisidyo o anumang kemikal.

**PNS/BAFS 07:2016, 5.1, p.9**

**Pinahihintulutan ba ang paggamit ng mga binhing nauuri na GMO?**




Mahigpit na ipinagbabawal ang paggamit ng mga binhi na genetically modified.

**PNS/BAFS 07:2016, 5.1.6, p.9**

**Pinahihintulutan ba ang paggamit ng komersiyal na pataba?**

- Ang pataba, hangga't maaari, ay gawa at nagmula sa sariling sakahan gaya ng damo, halaman, at dumi ng hayop na dumaan sa wastong proseso ng pagpapabulok;
- Tandaan na ang direktang paglalagay ng dumi ng hayop sa pananim ay wala sa pamantayan; ito ay dapat dumaan sa tamang proseso ng pagbubulok; at
- Kung sakaling hindi maiwasan ang paggamit ng dagdag na pataba, siguraduhin na ito ay sertipikadong organiko o pumasa sa PNS-OA at iba pang kaugnay na pamantayan.

**PNS/BAFS 07:2016, 5.3-5.4, p.10**



**Pinapayagan ba ang kemikal na pestisidyo bilang pamuksa ng peste?**

Ang pagsugpo ng mga peste sa sakahan ay kinakailangan sa pisikal na pamamaraan tulad ng pagputol ng daan mula sa tahanan ng peste at daan patungo sa anumang pasilidad sa loob at kalapit na sakahan. Kung hindi ito epektibo, maaaring gumamit ng mekanikal na pamamaraan o kaya gumamit ng mga natural na kulisap na likas na pupuksa sa mga peste.

**PNS/BAFS 07:2016, 5.5, p.11**




**Pinahihintulutan ba ang paggamit ng mga kasangkapang pansaka na hindi ekslusibong pang-organiko?**

Ang mga kasangkapang pansaka na ginamit sa kumbensiyonal na pamamaraan ng pagsasaka ay maaaring gamitin sa organikong sakahan subalit kinakailangang hugasan itong mabuti gamit ang mga panlinis na pinapayagan lamang ng PNS-OA.



**PNS/BAFS 07:2016, 9.7, p. 26**

**Ano ang maaaring gawin kung may kalapit na kumbensiyonal na sakahan o pabrika sa sakahan?**

Ang paglalagay ng buffer zone ang pangunahing opsiyon upang maprotektahan ang sakahan sa posibleng kontaminasyon mula sa mga sangkap o materyales na galing sa kumbensiyonal na sakahan o kalapit na pabrika.

**PNS/BAFS 07:2016, 5.6.1, p.11**



**Pinapayagan ba ang kaingin bilang paraan ng paglilinis ng lupa?**



Alinsunod sa itinadhana ng Batas Republika bilang 8749 o ang Clean Air Act og 1999, ang pagkakaingin ay mariing ipinagbabawal.

**PNS/BAFS 07:2016, 5.7.3, p.12**

**Maaari bang iimbak at dalhin patungong pamilihan na magkasama ang mga organiko at hindi organikong produkto?**




Ang organiko at hindi organikong produkto ay HINDI dapat iimbak at dalhin nang magkasama maliban kung ito ay pisikal na nakahiwalay at may tamang etiketa o mga palatandaan.

Tandaan na ang integridad ng mga organikong produkto ang pangunahing isinasaalang-alang sa lahat ng oras lalo na kung ito ay iiimbak o dadalhin sa pook pamilihan.

**PNS/BAFS 07:2016, 9.2, p.24**

**Organiko ba ang mga produktong may etiketa na natural, free-range, at non-GMO?**

Ang mga produkto na nakapasa sa pamantayan (PNS OA) at nagkaroon ng ikatlong antas ng sertipikasyon mula sa mga OCBs na akreditado ng BAFS ang tanging maidedeklarang organiko.

**PNS/BAFS 07:2016, 10.1, P.27**





# ANIMAL
## PRODUCTION
## (PAGHAHAYUPAN)



## Ano ang mga dapat isaalang-alang sa organikong paghahayupan?

Sa organikong pamamaraan ng paghahayupan, ang mga pangunahing isinasaalang-alang ay ang mga sumusunod:

- Malayang nakakakilos ang hayop;
- Sapat na hangin at liwanag ng araw ayon sa pangangailangan ng hayop;
- Proteksiyon laban sa labis na sikat ng araw, ulan, at malakas na hangin;
- Mayroong lugar pahingahan ayon sa pangangailangan ng hayop. Para sa mga hayop na nangangailangan ng higaan, nararapat na ito ay gawa sa natural na materyales;
- Malayang nakaiinom ng malinis na tubig at nakakakuha ng pakain ayon sa pangangailangan ng hayop; at
- Malayang nakapanginginain sa pastulan.

**PNS/BAFS 07:2016, 6.1.1, p.13**

## Ipinagbabawal ba ang pagbabakod sa mga hayop gamit ang kahoy, atipan, at alambre?

Ang pagkukulong o pagbabakod sa mga hayop ay pinahihintulutan lamang kung ito ay para sa kapakanan at proteksiyon ng hayop



laban sa mga banta tulad ng matinding sikat ng araw at malakas na ulan o kung ang hayop ay may sakit at nangangailangan ng atensiyong medikal.

**PNS/BAFS 07:2016, 6.1.p.13**

**Maaari bang gumamit ng recycled compost bilang higaan sa organikong paghahayupan?**

Hangga't gawa sa mga natural na materyales ang recycled compost, ito ay maaaring gamitin bilang higaan ng anumang uri ng hayop.

**PNS/BAFS 07:2016, 6.1.p.13**



**Pinapayagan ba ang paggamit ng hawlang de baterya o 'battery-type'cage at pang isahang kulungan sa pag-aalaga ng organikong hayop?**



Maliban sa hayop na iningatan at inilayo sa kawan sa kadahilanang ito ay may sakit o nagpapagaling mula sa pinsala sa katawan, ang paggamit ng hawlang de baterya o 'battery-type' cage at pang-isahang kulungan sa organikong paghahayupan ay hindi pinahihintulutan.

**PNS/BAFS 07:2016, 6.1.p.13**

**Ano ang mga ipinagbabawal na pamamaraan ng pagpaparami sa organikong paghahayupan?**

Mahigpit na ipinagbabawal ang paggamit ng reproductive hormones, embryo transfer, genetic engineering, at semen sexing.

**PNS/BAFS 07:2016, 4.1.1.9, p.7**

**Pinahihintulutan ba sa organikong paghahayupan ang pagputol ng tuka, ngipin, sungay, at iba pang mga katulad na kaugalian?**

Pinapayagan ang mga ganitong kaugalian o gawi sa hayop, gayunpaman, kailangan na kwalipikadong tao ang magsasagawa nito upang mabawasan ang paghihirap ng hayop.



PNS/BAFS 07:2016, 6.3.p.14

**Pinahihintulutan ba ang pagtatali sa mga hayop?**

Ang pagtatali sa hayop ay hindi pinahihintulutan sa organikong paghahayupan. Maaari lamang itali ang hayop kung ito ay para sa kaniyang kapakanan at kaligtasan subalit ito ay dapat sa maikling panahon lamang. Hangga't maaari, hinahayaang nakagagala ang mga hayop ayon sa kaniyang natural na gawi.




PNS/BAFS 07:2016, 6.3.3.p.15

**Ano ang 'biosecurity' at bakit ito kailangan sa organikong paghahayupan?**

Ang 'biosecurity' ay mga pamamaraan, alituntunin, at hakbang na ipinapatupad sa organikong paghahayupan upang maiwasan ang pagpasok ng mga nakahahawang sakit sa hayop at gayundin ang pagkalat ng sakit.

Ilan pa sa mga epektibong pamamaraan sa biosecurity ng mga hayop ay ang pagsunod sa Good Animal Husbandry Practices.

Ilan sa mga halimbawa ng pamamaraan na pang-biosecurity ay ang sumusunod:




- pagkakaroon ng tamang karatula sa paligid;
- pagkakaroon ng tamang plano ng pasilidad;
- pagbibigay ng tama at dekalidada na pakain.

**PNS/BAFS 07:2016, 6.3.3.p.15**

**Ano ang mga pinahihintulutang sangkap sa paggawa ng organikong pakain?**

Ang mga pakain na nagmula sa halaman na hindi organiko ay maaari lamang gamitin kung ang mga ito ay ginawa at inihanda nang walang gamit na kemikal.

**PNS/BAFS 07:2016, 6.4, p.15**



Maaari ding gumamit ng mga pakain mula sa mineral kung ang pinagmulan ay mga trace elements at nagmula sa mga likas na pinagmulan.

Ang mga pakain mula sa hayop ay hindi pinahihintulutan maliban sa mga produktong gawa sa gatas, isda, at iba pang hayop na galing sa tubig.

Para sa karagdagang impormasyon, maaaring sumangguni sa **Annex C ng PNS OA**.

**Ano ang mga ipinagbabawal na sangkap sa paggawa ng organikong pakain?**

Ang mga sumusunod ay hindi pinapahintulutan na maging sangkap ng organikong pakain:

- Sintetikong pampalaki at pampasigla;
- Sintetikong pampagana;
- Pangusilba o preservative;
- Artipisyal na pangkulay;
- Urea at iba pang sintetikong sangkap na may nitrogen;
- Tira o bahagi ng bangkay ng hayop;
- Dumi ng hayop;
- Sintetikong amino acids;
- Genetically engineered micro-organisms at mga produkto nito;
- Sintetikong antibiyotiko; at
- Sintetikong bitamina at mineral.



**PNS/BAFS 07:2016, 6.4.4, p.15**

**Pinahihintulutan ba sa organikong paghahayupan ang paggamit ng organikong pakain na gawa sa ibang bansa?**

Bukod sa sariling gawa na organikong pakain, maaaring bumili at gumamit ang magsasaka ng organikong pakain mula sa ibang bansa. Gayunman, tanging pakain na pumasa sa pamantayan ng organikong paghahayupan ang maaaring gamitin, kahit pa na ito ay gawang lokal o sa ibang bansa.



**PNS/BAFS 07:2016, 6.4, p.15-16**

**Paano makikilala ang mga organikong produkto na nasa merkado at pamilihan?**

Ang bawat produkto ay kinakailangang may etiketa sa pakete na nagsasaad ng **pangalan, logo, at selyo** ng kinikilalang **Organic Certifying Body, Organic Mark, OCB Accreditation number na nagmula sa BAFS, at Registration number** na ibinigay ng isa sa mga angkop na ahensiya ng Kagawaran ng Agrikultura.

Sa ganitong paraan malalaman at matitiyak na ang produkto ay nagmula sa organikong sakahan.

Organic
PHILIPPINE
DEPARTMENT OF
AGRICULTURE

*Opisyal na 'Organic Mark'*

*(Tandaan: Hindi dapat ginagamit ang marka na ito sa mga produktong hindi sertipikado. Kailangan sundin ang mga alituntunin sa paggamit ng "Organic Mark".)*

OFFICIALLY ACCREDITED ORGANIC CERTIFYING BODIES
(AS OF 14 OCTOBER 2020)

OCCP - INSPECTION AND CERTIFICATION SERVICES, INC. (OCCP-ICSI)

Department of Agriculture
BUREAU OF AGRICULTURE AND FISHERIES STANDARDS

IBA PANG MGA BATAYANG BABASAHIN HINGGIL SA ORGANIKONG AGRIKULTURA:

- PHILIPPINE NATIONAL STANDARD FOR ORGANIC AGRICULTURE (PNS/BAFS 07:2016)
- PHILIPPINE NATIONAL STANDARD FOR ORGANIC SOIL AMENDMENTS (PNS/BAFS 183:2016)
- PHILIPPINE NATIONAL STANDARD FOR ORGANIC AQUACULTURE (PNS/BAFS 112:2016)




# ACKNOWLEDGEMENTS

- BUREAU OF AGRICULTURE AND FISHERIES STANDARDS (BAFS)
- PAMA ORGANIC FARM
- GREEN FARM
- ADLAWAN FARMS CORPORATION
- MAXEY ATOG
- JUATON ORGANIC FARM
- LAO INTEGRATED FARMS, INC.
- LIVESTOCK PROGRAM






PRODUCED BY:

REGIONAL AGRICULTURE AND FISHERIES INFORMATION SECTION (RAFIS)
**FOR THE ORGANIC AGRICULTURE PROGRAM**
DEPARTMENT OF AGRICULTURE REGIONAL FIELD OFFICE XI
F. BANGOY ST., AGDAO, DAVAO CITY

AGRI INFO DAVAO
DARAFIS11@GMAIL.COM
(082) 226 3625
DAVAO.DA.GOV.PH